Edad 9-11

# Bibliang Pambata na isinalarawan

## Aklat ng Gawain

Bagong Tipan

2



KIDS GOD WORSHIP
www.kidsworship.kr
Selah
Ministerio de Publicación Cristiano

# Bibliang Pambata na isinalarawan

## Aklat ng Gawain Bagong Tipan 2

**9–11 Años**

Pagbabago kidsworship Selah

**Pagsasalin** | Danica, Frijida, Jessabel, Joyfull Batia Church **graphic na disenyo** | Jeewon Park, Julio Blas **Mga pagsusuri** | Kristine

Ang aklat na ito ay hindi maaaring kopyahin nang buo o bahagi nang walang pahintulot ng may-akda.

# INDEX





1. Ang pulubing si Lazarus ........ 6
2. Zaqueo ........ 10
3. Matagumpay na Pagpasok sa Jerusalem ........ 14
4. Ang alay ng biyuda ........ 17
5. Ang huling hapunan ........ 20
6. Ang Pagpapako sa Krus ........ 23
7. Ang muling pagkabuhay ........ 28
8. Ang unang simbahan ........ 31
9. Pedro ........ 36
10. Ang pagkamatay ni Esteban ........ 40
11. Apostol Pablo ........ 43

# Ang progreso ng aking rekord.

Kulayan ang Bibliya pagkatapos kumpletuhin ang bawat kuwento.

I-scan ang QR code at tingnan ang video




## Kuwento 1 : Ang pulubing si Lazarus

Talata sa Bibliya [Lukas 16:25]

**Datapuwa't sinabi ni Abraham, Anak, alalahanin mo na ikaw ay tumanggap ng iyong mabubuting bagay sa iyong pamumuhay, at si Lazaro sa gayon ding paraan ay masasamang bagay: datapuwa't ngayon, ay inaaliw siya rini, at ikaw ay nasa kahirapan.**

Noong unang panahon mayroong isang mayamang lalaki. Naninirahan siya sa isang magandang tahanan at nagsusuot ng mga mamahaling kasuotan. Araw-araw kumakain siya ng masasarap na pagkain at namumuhay ng marangya. Ang mayamang lalaki ay palaging nagiimbinta ng mga tao para sa isang pista.
Hindi siya naniniwala sa Panginoon at namumuhay lamang para sa kanyang sarili.
Sa tapat ng tahanan ng mayamang lalaki, mayroong naninirahang pulubi na nagngangalang Lazaro.
Si Lazaro na nakahiga lamang sa pintuan ng tahanan ng mayamang lalaki ay napupuno ng sugat..
Siya ay nakasuot ng maruming kasuotan at kumakain lamang ng mga kakarampot na tirang pagkain ng mayaman.
Isang araw, ang pulubing si Lazaro ay pumanaw. Si Lazaro ay sinundo ng mga anghel at dinala patungo sa langit at itinabi sa bisig ni Abraham, na mayroong malaking pananampalataya sa Diyos. Si Abraham ay isa sa unang naniwala sa Panginoon.
Dumating ang panahon, ang mayamang lalaki ay pumanaw at inilibing. Ngunit, siya ay napunta sa impyerno at nagdanas ng malubhang kasakitan at pagdurusa. Ang impyerno ay tila dagat ng walang katapusang apoy.
Ang mayamang lalaki ay sumisigaw sa lubhang sakit at naghahanap ng tubig na papawi sa natutuyo niyang lalamunan.
Ngunit, walang tubig na maaari niyang inumin. Sa patuloy niyang pagdurusa, ang mayamang lalaki ay napatingin sa itaas at nasilayan ang langit na malayo sa kanyang kinaroroonan.
Nagulat ang mayamang lalaki. Ang mayamang lalaki ay sobrang nakaramdam ng matinding inggit kay Lazaro.
Kaya, tinawag niya si Abraham. "Amang Abraham! Mangyaring iligtas ako! Nasusunog ang buong katawan ko sa apoy na ito.
Ito ay napakainit! Pakisuyo, ipadala mo si Lazaro upang isawsaw ang dulo ng kanyang daliri sa tubig at palamigin ang aking dila, sapagkat ako ay nagdadanas ng matinding sakit sa apoy na ito!
Sumagot si Abraham. "Anak, Hindi maaaring pumunta si Lazaro sa iyong kinaroroonan. Alalahanin mo buong buhay mo ikaw ay nakatanggap ng magagandang bagay at namuhay para sa iyong pansariling kasiyahan, habang si Lazaro ay nagdanas ng mahihirap na bagay at namuhay sa gutom at pasakit. Subalit, ngayon siya ay nasa magandang kalagayan at ikaw ay nasa impyerno. At bukod pa sa lahat ng ito, sa pagitan namin at sa iyo ay mayroong isang malaking naghihiwalay sa atin, kaya hindi kami makapunta mula rito patungo sa iyo, at walang sinuman ang maaaring tumawid mula roon patungo sa amin."
Noong nabubuhay pa ang mayamang lalaki hindi niya kailanman tinulungan si Lazaro.
Hindi niya nalalaman kung paanong magmahal ng kapwa. Katulad ng mayamang lalaki, kung hindi natin mamahalin ang ating kapwa, hindi tayo matatawag na bayan ng Diyos. Tinuruan tayo ni Hesus na ibigin ang Panginoon at ating kapwa tulad ng pag-ibig natin sa ating sarili.



**Gawain 1.** Putulin ang mga larawan sa ibaba at idikit ito ng pagkakasunod ng ating natutunan ngayong araw.

| | | |
|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 |
| 4 | 5 | 6 |








**Gawain 2.** Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

a. Paano namuhay ang mayamang lalaki na hindi nananampalataya sa Diyos?

----------------------------------------------------------------------

b. Paano namuhay si Lazaro na nananampalataya sa Diyos?

----------------------------------------------------------------------

c. Basahin ang Lukas 16:19-31 at sagutin: Matapos pumanaw ang mayamang lalaki at si Lazaro, saan sila napunta?

----------------------------------------------------------------------

- **Basahin at kabisaduhin ang Bible verse. (Lukas 16:25)**

> **Datapuwa't sinabi ni Abraham, Anak, alalahanin mo na ikaw ay tumanggap ng iyong mabubuting bagay sa iyong pamumuhay, at si Lazaro sa gayon ding paraan ay masasamang bagay: datapuwa't ngayon, ay inaaliw siya rini, at ikaw ay nasa kahirapan.**